
1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Tungkol saNapakinggang Pabula, Tugma/Tula,at Tekstong Pang-impormasyon.




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Mula sa Napakinggang Pabula.**
**Kompetensi: Nakasasagot ng mga tanong mula sa napakinggang pabula.**
**Competency Code: F1PN-IIa 1.2**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Manunulat | : | Yolanda B. Manganawe | |
| Editor | : | Fe G. Buccahan, | Felimendo M. Felipe |
| Tagasuri | : | Rozen D. Bernales | Aprilyn F. Kimmayong |
| Tagaguhit | : | Ronalyn D. Melchor | |
| Tagalapat | : | Ronald T. Bergado | |
| | | Jerson Rod A. Acosta | |
| Tagapamahala: | | Benjamin D. Paragas | Romel B. Costales |
| | | Jessie L. Amin | Jorge G. Saddul, Sr. |
| | | Octavio V. Cabasag | Felimendo M. Felipe |
| | | Rizalino G. Caronan | Fe G. Buccahan |

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region 02**
Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

# 1

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 1: Pagsagot sa mga Tanong Tungkolsa Napakinggang Pabula,Tula/ Tugma, at Tekstong Pang-impormasyon.

## Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayangitinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul.Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Lesson 1

# Pagsagot sa mga Tanong Mulasa Napakinggang Pabula.

## *Alamin*

Ang modyul na ito ay ginawa para sa batang katulad mo na nasa unang baitang upang maisagawa ang pagsagot sa mga tanong tungkol sa napakinggangpabula. Ang mga gawaing matatagpuan sa modyul na ito ay inaasahang makatulong sa iyo upang masagot nang mabuti ang mga tanong tungkol sa napakinggangpabula.

Ang modyul na ito ay tumutugon sa:

- Pagsagot ng mga mag-aaral sa mga tanong tungkol sa napakinggang pabula, tula/tugma attekstong pang-impormasyon.

Pagkatapos ng mga Gawain sa modyul na ito, ikaway inaasahang:

- Makasagot sa mga tanong tungkol sa napakinggang pabula tula/tugma at tekstongpang-impormasyon.



## Subukin

## Gawain ng magulang/guro

- Basahin sa mag-aaral ang talata.

*Si Mika at Karina ay magkaibigan.*
*Mahilig sa kendi si Mika. Si Karina namanay gustong-gusto ang nilagang kamote.*
*Isang araw, biglang sumakit ang ngipin ni Mika.*
*"Naku, may sira na ang iyong ngipin Mika" sabi niKarina. Mula noon iniwasan na ni Mika ang pagkain ng kendi.*

- Ipasagot ng pasalita sa mag-aaral ang mgatanong.
  1. Sino ang mga bida sa kuwento?
  2. Ano ang gustong kainin ni Mika?
  3. Ano naman ang paborito ni Karina?
  4. Ano ang nangyari kay Mika?
  5. Bakit kaya nasira ang ngipin ni Mika?

## Gawain ng mag-aaral

- Sagutin ng oral o pasalita ang mga tanong.

## *Balikan*

### Gawain ng magulang/guro

- Itanong sa bata.

  Anong bahagi ng ating katawan ang ginagamitsa pakikinig?
  Ano ang maaring gawin para masagot angmga tanong tungkol sa kuwento?
  Gusto mo bang makinig ng kuwento?Ano ang iyong gagawin?

### Gawain ng mag-aaral

- Sagutin ng oral o pasalita ang mga tanong.

## *Tuklasin*

### Gawain ng magulang/guro

- Magpakita ng larawan ng manok at itlog samag-aaral
- **Itanong**:

  Ano ang iyong nakikita?

  Saan madalas makikita ang manok?

  Ano ang maaring gawin sa itlog ng manok?

- **Sabihin**:

  Bago ko basahin ang tula sa iyo, kailangan munang maintindihan mo ang mga salitang**galak at dulot.**
  Ang ibig sabihin ng **galak** ay masaya onatutuwa.
  Maari mo bang ipakita sa akin ang iyongmukha na may **galak** o **tuwa**?
  Ang salitang **dulot** naman ay **pagbibigay onagbibigay**.
  **Halimbawa:** "Ang **dulot** mo sa akin ay galak sa tuwing nakikita kitang nag-aaral nang mabuti."
  **Tanong:** Ano ang naidudulot o naibibigay mo sa akin sa tuwing nag-aaral ka nang mabuti?

  Ngayon pakinggan mo na ang tulang akingbabasahin.

## Gawain ng mag-aaral

- Sagutin ang mga tanong at ipakita angmukhang may **galak**.

Babasahin ng magulang/guro ang tula

## Si Mulak

Putak! Putak! Putak!
Sabi ni Mulak
Alagang manok na sa umaga'y
Itlog ang dulot.

Putak! Putak! Putak!
Pangalawang araw ngpangingitlog ni
Mulak
At tila siya ay galak na galak

Putak! Putak! Putak!
Mga kaibigan hayan na ang aking itlog Kainin ninyo at nang kayo ay maging malusog!

## *Suriin*

### Gawain ng magulang/guro

- Basahin sa mag-aaral ang mga tanong athayaang sagutin niya ito ng pasalita o oral.

### Gawain ng mag-aaral

- Sagutin ng pasalita o oral ang mga tanong.

1. Ano ang pamagat ng tula?
2. Sino ang pumuputak sa umaga?
3. Bakit pumuputak si Mulak?
4. Ano ang nararamdaman ni Mulak habang dulot niyaang kaniyang itlog?
5. Para kanino ang mga itlog ni Mulak?
6. Ano ang magandang maidudulot sa iyong katawan kapag kumain ka ng itlog?

## *Pagyamanin*

### Gawain ng magulang/guro

- Basahin sa mag-aaral ang mga bugtong.
- Hayaang sagutin ng pasalita o oral ng mag-aaral ang mga bugtong.

1. Mataas kung nakaupo
   Mababa kung nakatayo.

2. Matanda na ang nunoHindi
   pa naliligo.

3. Kayliit pa ni Neneng Marunong
   nang kumendeng

4. Dala mo siya
   Pero kinakain ka niya

5. Kung kailan tahimikSaka
   nambubuwisit

6. Bata pa si Nene Marunong
   nang manahi

7. Heto, heto na si Lelong
   Bubulong-bulong

8. Tag-ulan o tag-araw, Hanggang tuhod
   ang salawal.Tag-ulan at tag-araw,
   Putot ang salawal

9. Baston ng kapitan
   Hindi mahawakan

10. Anong hayop ang dalawa ang buntot?

## *Isaisip*

### Gawain ng magulang/guro

- **Itanong sa mag-aaral**

  *Ano ang kailangan mong gawin habang binabasaang tula o kuwento?*

  *Bakit kailangan mong makinig?*

  *Ano-ano ang alalahanin sa pakikinig?*

### Gawain ng mag-aaral

Sikaping masagot ang mga tanong nang tama.

**Tandaan**: Maari itong sabihin ng magulang/guro kapag hindinasagot ng mag-aaral ang katanungan.

| |
|---|
| Ang pakikinig at pag-intindi sa buong detalye ng pabula/tula o tugma ay napakahalaga upang masagot ang mga katanungan tungkol dito kaya habang nagbabasa ang guro, dapat makinig nang mabuti at iwasan ang makipagkuwentuhan sa katabi. |



## *Tayahin*

### Gawain ng magulang/guro

- Sabihin sa mag-aaral

  *Ngayon, titingnan ko kung marunong ka ng makinig at umunawa ng isang kuwento.*
  *Narito ang kuwento. Makinig ka nang mabuti dahil pagkatapos nito ay sasagutin mo ang mga tanong.*

- Babasahin nang malakas at maayos sa mag-aaralang kuwento.

### Gawain ng mag-aaral

- Makikinig nang mabuti sa kuwento

**Natuto Rin**

(Landas sa Wika at Pagbasa 2- Dr.Lydia B. Liwanag)

Matalino si Haring Kuwago. Siya ang nagpapayo samga hayop sa gubat.

"Kailangang magtayo tayo ng paaralan dito sagubat," wika niya isang araw.

"Tama po ang naisip ninyo, Haring Kuwago. Nais kopong matutong bumasa ang sisiw ko, "ayon kay Inang Manok.

"Dapat din pong matutong bumilang ang mga anak namin," dagdag ni Amang Daga.

Nagkaroon nga ng paaralan ang mga hayop sagubat.

Magaling na guro si Haring Kuwago. Ang anak ng bawat hayop ay natuto maliban sa anak ni Kuneho.

"Ano ba ang magagawa sa akin ng pagbabasaat pagbibilang? Nag-aaksaya lamang ako ng panahon!", ang sabi ni Kunehong Liit.

Kaya habang nag-aaral ang ibang hayop, si Kunehong Liit naman ay naglalaro sa parang. Araw-araw ay ganito ang ginagawa niya.

Sa may tarangkahan ng bakuran, hindi nabasa ni Kunehong Liit ang nakasulat na babala: "Mag-ingat sa Aso.

Nagsimula siyang kumain ng karot. Maya-maya aynarinig niya ang "Grrr! Grrr! Nang lumingon siya ay nakita niya ang pagkalaki-laking aso. Handa na ito upang kagatin siya. Sa malaking takot ay tinalon ni Kunehong Liit ang mataas na bakod. Nanginginig pa siya sa takot nang madaanan siya ng mga kaibigan na galing sa paaralan ni Haring Kuwago.

“Ano ang nangyari sa iyo, Kunehong Liit?”, tanong nila.

“Hinabol ako ng malaking aso riyan!”, sagot ni Kunehong Liit.

“Hindi mo ba nabasa ang nakasulat sa may tarangkahan? Sinasabi roon na mag-ingat sa Aso”,paliwanag ni Kuting.

Napahiya si Kunehong Liit. Mula noon, hindi na siya lumiban sa pagpasok. Naging magaling na si Kunehong Liit sa pagbabasa.

Sagutin ang mga tanong sa ibaba batay sa pabulang **Natuto Rin.** Isulat ang letra ng inyong tamang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang pamagat ng pabulang napakinggan?
   a. Natuto Rin
   b. Nagsaya Rin
   c. Natulog Din

2. Sino ang hari sa gubat?
   a. si Kumago　　b. si Kuwago　　c. si Digu

3. Ano ang sinasabi ng hari na dapat nilang ipatayo?
   a. ospital　　b. paaralan　　c. bahay

4. Sino ang hayop na ayaw pumasok?
    a. Kunehong Liit
    b. Kuwago
    c. Inahing Manok

5. Ano ang aral na natutuhan ni Kunehong Liit sa nangyari sa kaniya?

## *Karagdagang Gawain*

Maghanda ng isang tula at ibabahagi ito bukas.

## *Susi sa Pagwawasto*

**Subukin**

1. Mika at Karina
2. Kendi
3. Kamote
4. Sumakit ang ngipin
5. Dahil sa sobrang pagkain ng kendi

Suriin

1. Si Mulak
2. Si Mulak
3. Siya ay nangingitlog
4. Nagagalak/natutuwa si Mulak

**Pagyamanin**

1. aso
2. pusa
3. bibe
4. kuto
5. lamok
6. gagamba
7. bubuyog
8. manok
9. ulan
10. elepante

**Tayahin**

1. a
2. b
3. b
4. a
5. (depende sa sagot ng bata)

### *Sanggunian*


Most Essential Learning Competencies. Department of Education

Dr.Lydia B. Liwanag. "**Natuto rin**". Landas sa Wika at Pagbasa 2

Natasha B. Natividad. Ang Pamayanan ay Kayamanan". Batang Pinoy Ako 3

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph